## Ang Panglilinglang
**(Joshua 9)**




Ang lupang pangako ng Diyos sa bayang Israel ay unti-unting sinakop ng mga Israelita sa pangunguna ni Joshua. Ang tagumpay ng Israel ay nabalitaan ng mga kalapit at malalayong mga lunsod at bayan.

Nang mabalitaan ng mga taga- Gibeon ang ginawa ni Joshua sa Jerico at Ai, nag-isip sila ng paraan upang lokohin si Joshua. Lumakad ang ilang tao papunta sa kampo ng mga Israelita sa Gilgal. Ang mga asno nila'y may kargang lumang sako at mga sisidlang-balat ng alak na sira-sira at tagpi-tagpi. Nagsuot sila ng mga pudpod at butas-butas na sandalyas, at damit na gula-gulanit. Ang baon nilang tinapay ay matitigas at inaamag na.

Nang makarating sila sa kampo, pinuntahan nila si Joshua na noong panahong iyon ay kasama ang mga pinuno ng Israel. Sinabi ng mga tao na sila ay mula sa malayong lupain. Sila ay naroon upang hilingin sa kanila na gumawa sila ng kasunduan na hindi nila gagalawin ang mga mamamayan nila.

"Baka kayo'y mga tagarito. Hindi kami maaaring makipagkasundo sa inyo" ang wika ng mga pinuno ng Israel. Nagmakaawa sila kay Joshua at sinabing handa silang maglingkod sa kanila. Tinanong sila ni Joshua kung sino at taga-saan sila.

Sinabi nila na sila ay mula sa napakalayong lugar at nakarating sa kanila ang balita tungkol sa ginawa ng Panginoong Diyos nila sa Egipto. Nabalitaan din nila ang ginawa sa mga hari ng ibang bayan na kanilang sinakop. Kaya sila ngayon ay nakikipagkasundo at handa silang maglingkod sa mga Israelita.

Naniwala at tinanggap ng mga pinuno ng Israel ang sinabi ng taga-Gibeon. Gumawa ng kasunduan si Joshua sa kanila at nanumpa ang mga pinuno ng mga kapulungan ng Israel sa kasunduang ito. Hindi sila sumangguni sa Diyos.

Tatlong araw matapos pagtibayin ang kanilang kasunduan, nabalitaan ng mga Israelita na tagaroon din pala ang mga taong iyon. Natagpuan ng mga Israelita ang tahanan ng mga ito, ngunit wala silang magawa dahil sa kasunduan na naganap. Dahil dito, nagreklamo ang buong bayan. Ipinaliwanag naman ng kanilang mga pinuno na dapat igalang ang kasunduan.

Nalaman ni Joshua na ang mga taga-Gibeon ay nagsinungaling. Ipinaliwanag nila na kaya sila nagsinungaling ay dahil sa takot sapagkat alam nila ang inutos ng Diyos kay Moses. Naging tapat si Joshua sa kanilang kasunduan. Hindi niya pinahintulot na mapahamak ang mga taga-Gibeon sa kamay ng mga Israelita. Sa halip ay ginawa niya silang mga tagapangahoy at tagaigib para sa mga Israelita at sa altar ng Diyos.

Ang mga Israelita ay naninarahang kasama ang mga taga-Gibeon.

Ang Diyos ang pinagmumulan at nagkakaloob ng karunungan sa mga humihingi sa Kanya. Ang Diyos ang gumabay at nagbigay ng karunungan kay Joshua upang masakop unti-unti ang lupaing ipinangako Niya sa Kanyang bayan. Sa Diyos ka ba palagi humihingi ng karunungan?

